# BUKAS VS. SARADONG PRIMARIES

## ANO ANG MGA PRIMARY ELECTION?

Tinutukoy ng mga primary election kung sinong mga kandidato ang kakatawan sa bawat partidong pampulitika bago ang isang pangkalahatang election.

---

## MGA URI NG PRIMARIES

Kung paano isinasagawa ang mga primary election ay malawak na nag-iiba-iba sa bawat estado. Mayroong dalawang pangunahing uri ng primaries: sarado at bukas, pero mas higit pa ang saklaw nito. Ang primaries ay maaaring ikategorya bilang sarado, bahagyang sarado, bukas sa unaffiliated na mga botante, bahagyang bukas, o bukas.

Kapag nagpaparehistro para bumoto, kadalasan mayroong isang puwang para isulat ng botante ang kanyang gustong political party. Kung hindi ibinigay ng isang botante ang kaniyang gustong political party sa kaniyang voter registration form, kikilalanin siya bilang isang "unaffiliated na botante" maliban kung magdagdag siya ng kaniyang gustong political party sa ibang araw. Kung may isinulat na gustong political party sa voter registration form, maaari itong makaapekto sa kakayahan ng botante na lumahok sa isang primary election.

### SARADONG PRIMARIES

Sa isang saradong primary, ang mga botante ay maaari lamang bumoto sa primary election ng political party na affiliated sila o inilagay nila sa kanilang voter registration. Ang mga botante na nakarehistro bilang "Independent" o unaffiliated sa anumang political party ay hindi kasama sa paglahok sa primary election.[1]

- o **Mga Estado na may Saradong Primaries**[2]**:** Delaware, Florida, Kentucky, Nevada, New Mexico, New York, Pennsylvania

### BAHAGYANG SARADONG PRIMARIES

Ang mga estado na may bahagyang saradong primaries ay nagpapahintulot sa mga political party na pumili kung papayagan ang mga unaffiliated na botante o mga botante na hindi nakarehistro sa partido na lumahok sa primary. Sa mga estado na may bahagyang saradong primary, ang mga political party ay maaaring magpapasok ng mga unaffiliated na botante, habang hindi kasama ang mga miyembro ng ibang partido.[3]

- o **Mga Estado na may Bahagyang Saradong Primaries**[4]**:** Connecticut, Idaho, Maryland, North Carolina, Oklahoma, Oregon, South Dakota, Utah, West Virginia

---

1. Pambansang Kumperensya ng mga Lehislatura ng Estado, "Mga Uri ng Primary Election ng Estado," Hunyo 22, 2023 https://www.ncsl.org/elections-and-campaigns/state-primary-election-types
2. Pambansang Kumperensya ng mga Lehislatura ng Estado, "Mga Uri ng Primary Election ng Estado," Hunyo 22, 2023 https://www.ncsl.org/elections-and-campaigns/state-primary-election-types
3. Pambansang Kumperensya ng mga Lehislatura ng Estado, "Mga Uri ng Primary Election ng Estado," Hunyo 22, 2023 https://www.ncsl.org/elections-and-campaigns/state-primary-election-types
4. Pambansang Kumperensya ng mga Lehislatura ng Estado, "Mga Uri ng Primary Election ng Estado," Hunyo 22, 2023 https://www.ncsl.org/elections-and-campaigns/state-primary-election-types





# BUKAS VS. SARADONG PRIMARIES

## MGA BUKAS NA PRIMARY PARA SA MGA UNAFFILIATED NA BOTANTE

Pinapayagan lamang ng ilang estado ang mga unaffiliated na botante na lumahok sa alinmang primary ng partido na kanilang pipiliin. Ang mga estadong iyon ay hindi nagpapahintulot sa mga botante na nakarehistro na affiliated sa isang partido na bumoto sa primary ng ibang partido. Hindi tulad ng isang tunay na bukas na primary, hindi maaaring bumoto ang mga Republican sa isang Democratic party primary o vice versa.[5]

- **Mga Estado na may Bukas na Mga Primary para sa Mga Unaffiliated na Botante:**[6] Arizona, Colorado,[7] Kansas, Maine, Massachusetts, New Hampshire, Rhode Island

## BAHAGYANG BUKAS NA MGA PRIMARY

Sa mga estado na may mga primary na bahagyang bukas, ang mga botante ay maaaring tumawid sa mga linya ng partido. Hindi tulad ng tunay na bukas na mga primary, maaaring ituring bilang isang paraan ng pagpaparehistro sa kaukulang partido ang kanilang pagpili sa balota. Pampubliko ding inaayos ng estado ang pagpili sa balota ng botante.[8]

- **Mga Estado na may Bahagyang Bukas na Mga Primary**[9]**:** Illinois, Indiana, Iowa[10], New Jersey, Ohio, Wyoming

## BUKAS NA MGA PRIMARY

Ang bukas na mga primary ay nagpapahintulot sa mga botante na bumoto sa mga linya ng partido para sa primary election kung pipiliin nilang gawin ito.[11] Nananatiling pribado ang desisyong ito at hindi nakarehistro ang botante sa partido kung saan sila nagpasyang bumoto.

- **Mga Estado na may Bukas na Mga Primary:**[12] Alabama, Arkansas, Georgia, Hawaii, Michigan, Minnesota, Mississippi, Missouri, Montana, North Dakota, South Carolina, Tennessee, Texas, Vermont, Virginia, Wisconsin

---

*5. Pambansang Kumperensya ng mga Lehislatura ng Estado, "Mga Uri ng Primary Election ng Estado," Hunyo 22,2023 https://www.ncsl.org/elections-and-campaigns/state-primary-election-types*
*6. Kumperensya ng mga Lehislatura ng Estado, "Mga Uri ng Primary Election ng Estado," Hunyo 22, 2023 https://www.ncsl.org/elections-and-campaigns/state-primary-election-types*
*7. sa Colorado, ibinabalik ng mga unaffiliated na botante ang mail ballot ng isang partido, o humiling kung aling balota ng partido ang gusto nilang iboto sa mga botohan. Itinatala ang kanilang pinili at nagiging pampublikong impormasyon, ngunit hindi nito binabago ang unaffiliated na katayuan ng botante.*
*8. Pambansang Kumperensya ng mga Lehislatura ng Estado, "Mga Uri ng Primary Election ng Estado," Hunyo 22,2023 https://www.ncsl.org/elections-and-campaigns/state-primary-election-types*
*9. Pambansang Kumperensya ng mga Lehislatura ng Estado, "Mga Uri ng Primary Election ng Estado," Hunyo 22, 2023 https://www.ncsl.org/elections-and-campaigns/state-primary-election-types*
*10. Ang voter's registration sa Iowa ay humihiling sa mga botante na pumili ng isang partido, ngunit pinapayagan ng estado ang mga botante na palitan ng publiko ang kanilang kinabibilangang partido para sa mga layunin ng pagboto sa primary election*
*11. Pambansang Kumperensya ng mga Lehislatura ng Estado, "Mga Uri ng Primary Election ng Estado," Hunyo 22,2023 https://www.ncsl.org/elections-and-campaigns/state-primary-election-types*
*12. Pambansang Kumperensya ng mga Lehislatura ng Estado, "Mga Uri ng Primary Election ng Estado," Hunyo 22,2023 https://www.ncsl.org/elections-and-campaigns/state-primary-election-types*